

SET C – Punan ang Patlang

Punan ang patlang ng tamang sagot mula sa mga salita o pariralang nasa kahon.

Pransya	Phoebus	banghay	tagpuan	Quasimodo
Humanismo	Victor Hugo	La Esmeralda	body shaming	Claude Frollo
	pagpapatawad	panlabas na anyo	kabutihan ng loob	
	tao laban sa lipunan		Katedral ng Notre Dame	

1. Si _____ ang sundalo na inibig ni La Esmeralda.
2. Ang pangunahing tauhan ng nobela na may kakaibang anyo sa likod ay _____.
3. Sa pananaw ng _____, nakasentro ang akda sa tao at sa kanyang kakayahan.
4. Ang babaeng minahal ni _____ ay si La Esmeralda.
5. Isa sa mahahalagang elemento ng nobela na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ay tinatawag na _____.
6. Ang akda ay isinulat ni _____, isang tanyag na manunulat mula sa Pransya.
7. Ang pangunahing tunggalian sa nobela ay _____.
8. Isa sa mga isyung panlipunan na maihahambing sa diskriminasyon kay Quasimodo ay ang _____.
9. Ang _____ ni Quasimodo ay mas mahalaga kaysa sa panlabas na anyo ayon sa pananaw ng Humanismo.
10. Ang kontrabidang pari sa nobela ay si _____.
11. Ang trahedya sa nobela ay naganap sa bansang _____.
12. Ang sentrong tagpuan ng nobela ay ang _____.
13. Ang malinaw na paglalarawan sa lugar at oras ng kuwento ay tinatawag na _____.
14. Ang nobela ay nagpapakita na mahalaga ang respeto at pagtanggap sa kapwa anuman ang _____.
15. Sa kabila ng panlalait sa kaniya, ipinakita ni Quasimodo ang halaga ng _____.